Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
Bayan ng Sariaya

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG PINAGPULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG SARIAYA, QUEZON NA GINANAP NOONG IKA- 22 NG AGOSTO 2022 SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

Kgg. Alexander A. Tolentino	Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo
Kgg. Arlene M. Genove	Konsehal
Kgg. Demia P. Maghirang	Konsehal
Kgg. Vince Rudolph A. Banta	Konsehal
Kgg. Renz Kevin E. Marcuap	Konsehal
Kgg. Minerva R. Remo	Konsehal
Kgg. Ofelia C. Villapando	Konsehal
Kgg. Haydee Medina-Caringal	Konsehal
Kgg. Mario M. Medrano	Konsehal
Kgg. Francis Joshua L. Alcala	PPSK Pangulo/Ex-Officio Member
Kgg. Alberto P. Rances	Liga Pangulo/Ex-Officio Member

HINDI DUMALO:

WALA

KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2022-01

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG PAGDARAGDAG SA PASAHE NG MGA PAMASADANG TRICYCLE SA BAYAN NG SARIAYA, QUEZON

Akda ni: Kgg. Vince Rudolph A. Banta
Konsehal/Tagapangulo
Committee on Tricycle Franchising Regulatory Board

SAPAGKAT, isinasaad sa Seksyon 447(3)(vi) ng Batas ng Republika Blg. 7160 ang Sangguniang Bayan bilang siyang gumagawa ng mga batas para sa bayan, ay magsasagawa o gagawa ng mga ordenansa, magpapatibay ng mga resolusyon o kapasiyahan at maglalaan ng mga pondo para sa pangkalahatang kapakanan ng bayan at ng mga mamamayan, gayundin ay gagampan ng tungkulin at gawain, gaya ng mga sumusunod:

> Seksyon 447(3) – magbibigay ng mga prangkisa, magpapatibay ng mga ordenansang nagpapahintulot sa pagbibigay ng mga permiso o mga lisensiya….x
>
> (vi) Sa ilalim ng mga patnubayan na itinakda ng Kagawaran sa Sasakyan at Komunikasyon, pamamahalaan ang pagpapatakbo ng

mga traysikel at magbibigay ng mga prankisa para sa pagpapatakbo nito sa nalolooban ng teritoryong hurisdiksiyon ng bayan.

SAPAGKAT, itinatakda sa Seksyon 1 ng Kautusang Pambayan Blg. 2008-02 at sa Seksyon 10(10.9) ng Kautusang Pambayan Blg. 2016-05 ang singil sa pamasadang traysikel;

SAPAGKAT, ang *Alliance of Tricycle Association of Sariaya (ATAS)* ay nagharap ng kahilingan sa Sangguniang Bayan na magkaroon ng pagtataas sa pasahe ng tricycle, gaya ng mga sumusunod:

Matanda	₱20.00
Student (high school/college)	₱15.00
Senior Citizen	₱15.00
Bata (5 taon pataas)	₱10.00

SAPAGKAT, ang *Alliance of Tricycle Association of Sariaya (ATAS)* ay isang organisadong samahan na rehistrado sa *Securities and Exchange Commission (SEC)* at sa kasalukuyan ay muling humihiling na mapagkalooban ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKAT, sa isinagawang pagdinig noong Agosto 17, 2022 para sa kahilingan sa pagtataas ng pasahe ng traysikel ay dumalo ang mga kinatawan ng mga Magulang at Guro ng iba't ibang paaralan, Pamunuan ng ATAS, Punong Barangay/Kagawad ng mga barangay sa Poblacion at kinatawan ng *Business Permits and Licensing Office (BPLO)* kung saan ipinaliwanag ng kinatawan ng ATAS na matagal ng panahon mula nang huling magkaroon ng pagtataas ng pasahe sa traysikel, kung saan ang dating singil ay ang mga sumusunod:

	Dating Pasahe sa Traysikel (KP Blg. 2008-02)
Regular na pasahe *(minimum fare)*	₱8.00
Senior Citizen/Disabled Person	₱7.00
Mag-aaral sa *High School*	₱6.00
Mag-aaral sa elementarya	₱5.00

Gayundin isinasaad sa Seksyon 10(10.9) Ng Kautusang Pambayan Blg. 2016-05 ang sumusunod:

10.9 – Pagsingil ng sobra sa itinakdang taripa: Ang kasalukuyang pasahe ay ₱8.00 sa apat (4) na kilometro at karagdagang ₱0.50 sa bawat dagdag na kilometro. Ang Taas ng pasahe ay sang-ayon sa itatakda ng LTFB/TFRB.

SAPAGKAT, sa isinagawang pagdinig ay napag-usapan na sobrang taas na ng presyo ng petrolyo sa kasalukuyan, maging ang halaga ng mga *spare parts* para sa *motor/tricycle* ay tumaas din. Dahil dito ay wala ng kinikita ang mga namamasada ng traysikel.

SAPAGKAT, sa pagpapalitan ng opinyon ukol sa magiging presyo ng pasahe sa panahong bumaba ang presyo ng petrolyo,ay nabuo ang mga sumusunod na panukala:

	Halaga ng Pamasahe kung ang presyo ng petrolyo ay ₱49.00 pababa	Halaga ng Pamasahe kung ang presyo ng petrolyo ay ₱50.00 pataas
Matanda *(regular fare/ minimum fare)*	₱15.00	₱20.00
Nakakatandang Mamamayan *(Senior Citizen/Person with Disability [PWD])*	₱10.00	₱15.00
Mag-aaral sa Sekondarya at	₱10.00	₱15.00

kolehiyo *(High School/College student)*		
Bata/Mag-aaral sa elementarya	₱7.00	₱10.00

Ang napagkasunduang ruta (route) ng traysikel kung saan iiral ang nabanggit na halaga ng pamasahe ay Barangay Balubal (PureGold), Poblacion 1 (St. Farncis High School), Sta. Clara, Poblacion 2, Poblacion 3, Poblacion 4, Poblacion 5, Poblacion 6, Mamala 2 (Versatile Subdivision/DRR Subdivision/Holy Family Subdivision at Ilayang Palengke pataas sakop ng Brgy. Mamala 2), Brgy. Pili (Alvarez Subd. At Villa Emilia Subd.) at Brgy. Tumbaga 1 (St. Joseph Academy) balik-balikan (vise versa).

Pinagtibay sa pulong ang pasahe na iiral kung sakali na ang presyo ng petrolyo ay ₱49.00 pababa at ang magiging pamasahe kung ang presyo ng petrolyo ay ₱50.00 pataas. Gayundin ay pinagtibay ang magiging ruta (route) ng traysikel na pamasada. Kung sakali na ang pasahero ay sumakay sa traysikel na lampas sa itinakdang ruta ay nasa kasunduan na ng pasahero at magta-traysikel ang magiging pasahe na dapat ibayad.

Subali't habang isinsagawa ang pagpapatibay sa pulong ng komite ay nagpahayag ng kanyang pagtutol si Kgg. Minerva R. Remo kung saan ang nais niya na pasahe ng mga mag-aaral sa elementarya ay halagang ₱7.00 lamang na lubos na tinutulan ng mga miyembro ng ATAS sa kadahilanang kung minsan daw ay isang bata lamang sakay nila ay wala na silang kikitain. Pinagtibay sa komite ang iiral na pasahe at ruta ng traysikel sa pamamagitan ng nakakaraming pagsang-ayon na miyembro ng Committee on Tricycle Franchising and Regulatory Board;

DAHIL DITO, sang-ayon sa Tadhana ng Seksyon 16 at 447 ng RA 7160, sa rekomendasyon ng Committee on Tricycle and Franchising Regulatory Board, sa mungkahi ni Kgg. Vince Rodulph A. Banta, na pinagalawahan nina Arlene M. Genove, Kgg. Demia P. Maghirang, Kgg. Renz Kevin E. Marcuap, Kgg. Mario M. Medrano, Kgg. Ofelia C. Villapando, na:-

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Sariaya, Quezon sa kanilang Regular na Sesyon ang Kautusang Pambayan na ito:

SEKSYON 1 –Ito ay kikilalanin at tatawaging "Kautusang nagtatakda ng Pagtataas ng Pasahe sa Traysikel sa bayan ng Sariaya, Quezon"

SEKSYON 2 – Sinususugan ng kautusang ito ang halaga ng pasahe na nasasaad sa Seksyon 1 ng Kautusang Pambayan Blg. 2008-02, kung saan ang iiral na halaga na ng pasahe sa Traysikel sa ngayon ay ang mga sumusunod:

	Halaga ng Pamasahe kung ang presyo ng petrolyo ay ₱49.00 pababa	Halaga ng Pamasahe kung ang presyo ng petrolyo ay ₱50.00 pataas
Matanda *(regular fare/ minimum fare)*	₱15.00	₱20.00
Nakakatandang Mamamayan *(Senior Citizen/Person with Disability [PWD])*	₱10.00	₱15.00
Mag-aaral sa Sekondarya at kolehiyo *(High School/College student)*	₱10.00	₱15.00
Bata/Mag-aaral sa elementarya	₱7.00	₱10.00

SEKSYON 3 – Ang ruta (route ng traysikel para sa pasahe na isinasaad sa Seksyon 2 ng Kautusang ito ay ang mga sumusunod:

1. Brgy. Balubal (Puregold)
2. Brgy. Poblacion 1 (St. Francis High School)
3. Brgy. Poblacion 2
4. Brgy. Poblacion 3
5. Brgy. Poblacion 4
6. Brgy. Poblacion 5
7. Brgy. Poblacion 6
8. Brgy. Mamala 2 (Holy Family Village/DRR Subd./Versatile Subd./Paitaas ng Palengke sakop ng Mamala 2)
9. Brgy. Pili (Alvarez at Villa Emilia Subd)
10. Brgy. Tumbaga 1 (St Joseph Academy)
11. Brgy. Sampaloc 2 (Sta. Clara)

SEKSYON 4 – Seksyon 10(10.9) ng Kautusang Pambayan Blg. 2016-05 Ang pasahe sa mga lugar na wala/lampas sa ruta *(route)* na nakasaad sa Seksyon 3 ng kautusang ito ay nasa pagkakasundo na ng pasahero at drayber ng traysikel. Ito ay bilang pag-amyenda sa Seksyon 10(10.9) ng Kautusang Pambayan Blg. 2016-05.

SEKSYON 5 – Ang sino mang lumabag at maningil ng sobra sa itinatakda at isinasaad ng Seksyon 3 at Seksyon 4 ng kautusang ito ay mapaparusahan ng mga sumusunod:

Unang Paglabag	Multa na halagang Limang Daang Piso (₱500.00)
Ikalawang Paglabag	Multa na halagang Isang Libong Piso (₱1,000.00)
Ikatlong Paglabag	Multa na halagang Isang Libo at Limang Daag Piso at Pagkansela sa Prangkisa ng Traysikel

SEKSYON 6 – Pinagkakalooban ng lubos na karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan para sa mga sumusunod:

1. Pagtatatag ng isang Task Force o Monitoring Team upang matiyak ang maayos na pagtupad sa mga tadhana ng kautusang pambayang ito
2. Pagtatalaga ng Tanggapan na maglalabas ng bagong taripa ng Traysikel sang-ayon sa tadhana ng Kautusang Pambayang ito
3. Pagtatalaga ng Tanggapan bilang sumbungan ng mga pasahero sa mga magmamalabis na drayber

SEKSYON 7 – Alinmang kautusang pambayan na may pagkakasalungatan sa tadhana ng kautusang ito ay isinasaayos, binabago at pinawawalan ng bisa.

SEKSYON 8 – Ang kautusang pambayan na ito ay magkakabisa pagkalipas ng labing limang (15) araw matapos maipaskil sa tatlong (3) hayag na lugar sang-ayon sa tadhana ng Seksyon 511 ng RA 7160.

PINAGTIBAY
Agosto 22, 2022

Pinatutunayan ko na ang Kautusang pambayan na ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Sariaya, Quezon sa kanilang Regular na Sesyon.

(SGD)
MERCEDITA L. DE LUNA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN AT PINATUTUNAYAN
NA PINAGTIBAY:

(SGD)
KGG. ALEXANDER A. TOLENTINO
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo

PINATITIBAYAN:

(SGD)
HON. ARLENE M. GENOVE
Konsehal

(SGD)
HON. OFELIA C. VILLAPANDO
Konsehal

(SGD)
HON. DEMIA P. MAGHIRANG
Konsehal

(SGD)
HON. HAYDEE MEDINA-CARINGAL
Konsehal

(SGD)
HON. VINCE RUDOLPH A. BANTA
Konsehal

(SGD)
HON. MARIO M. MEDRANO
Konsehal

(SGD)
HON. RENZ KEVIN E. MARCUAP
Konsehal

(SGD)
HON. FRANCIS JOSHUA L. ALCALA
PPSK Pangulo/ Ex-Officio Member

(SGD)
HON. MINERVA R. REMO
Konsehal

(SGD)
HON. ALBERTO P. RANCES
Liga Pangulo/ Ex-Officio Member

PINAGTIBAY:

(SGD)
KGG. MARCELO P. GAYETA
Punong bayan